

## Victoria Day 2022 in Brampton

BRAMPTON, ON (Mayo 17, 2022) – Sa taon na ito, ang Victoria Day ay magaganap sa Lunes, Mayo 23.

Ang lahat ng mahalaga at kritikal na mga serbisyo, kabilang ang Fire at Emergency Services, Traffic Services, By-Law Enforcement, Road Operations, at Security Services ay patuloy na tatakbo tulad ng dati para suportahan ang komunidad.

Ang mga residente ay maaaring tumawag sa 311 o 905.874.2000 (sa labas ng Brampton), gamitin ang Brampton 311 app (available sa App Store o Google Play), bisitahin ang [www.311brampton.ca](http://www.311brampton.ca) o mag-email sa [311@brampton.ca](mailto:311@brampton.ca) para sa anumang mga tanong. Available kami 24/7 para sa anumang mga usapin ng Lungsod ng Brampton o ng Rehiyon ng Peel.

### Kaligtasan sa Fireworks

Ang Victoria Day ay isa sa apat na araw bawat taon kung kailan pinapayagan ang short-range fireworks sa pribadong ari-arian sa Brampton, nang hindi na nangangailangan ng permit. Sa ilalim ng ordinansa, pinapayagan din ang fireworks sa Canada Day, Diwali, at sa Bisperas ng Bagong Taon.

Ang mga short-range fireworks ay ang mga fireworks na hindi aabot sa tatlong metro (10 piye) kapag pinaputok (hal. fountains, wheels, ground spinners, sparklers). Iyan ay tinatayang kasintaas ng isang bus ng Brampton transit o ng isang basketball hoop.

Hindi pinapayagan sa Brampton ang lahat ng iba pang rocket-style fireworks. Pinaalalahanan ng Lungsod ang mga residente na hindi pinapayagan ang fireworks sa kalye, mga bangketa, sa loob ng mga parke ng Lungsod, o sa iba pang mga ari-arian ng munisipyo o paaralan.

Kapag gumagamit ng short-range fireworks sa pribadong ari-arian, kailangang sundin ng mga residente ang mga pangkaligtasang pag-iingat na ito:

- Maghanda ng container ng tubig o isang hose line na puno ng tubig para apulain ang fireworks.
- Huwag na huwag sindihan ang firework o hawakan ang sinindihang firework sa inyong kamay, maliban ang isang sparkler.
- Huwag na huwag itapon o i-asinta ang fireworks sa ibang mga tao.
- Matapos gamitin ang sparklers, ilagay ang mga ito sa isang container ng tubig para ganap na lumamig bago itapon.
- Hayaang ganap na lumamig ang lahat ng fireworks bago itapon.

Bawat taon, ang mga fireworks vendor ay kinakailangang sasailalim sa pagsasanay ng Lungsod bago sila malisensyahang na magbenta ng fireworks. Nag-aalok ang Lungsod ng online na pagsasanay sa mga vendor. Walang mga lisensya sa fireworks ang inisyu para sa Victoria Day. Kung makakakita ang mga residente ng mga firework na ibinibenta sa mga tindahan o saan pa man sa Brampton, hinihiling



## Service and Information Update

sila na magsumpong sa Service Brampton sa pamamagitan ng Brampton 311 o 905.874.2000 (sa labas ng Brampton).

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kaligtasan sa firework at sa mga ordinansa, bisitahin ang [www.brampton.ca/fireworks](http://www.brampton.ca/fireworks).

### Brampton Transit

Tatakbo ang Brampton Transit sa iskedyul sa Linggo/Holiday sa Victoria Day. Sarado ang mga counter ng Customer Service sa mga terminal. Maaaring mag-assist ang Contact Centre mula 7 am hanggang 9 pm.

Ang mga mask ay patuloy na kakailanganin sa lahat ng bus ng Brampton Transit kaayon sa [mga regulasyon ng Lalawigan](#). Nananatiling ginagawa ang pag-sanitize sa mga bus, at ang pasilidad at mga terminal na may matigas na surface ay pinupunasan at sina-sanitize araw-araw.

Bisitahin ang [www.bramptontransit.com](http://www.bramptontransit.com) o sundan ang [@bramptontransit](#) sa Twitter para sa mga update ng serbisyo. Maaaring ipaabot ang mga tanong sa Contact Centre ng Brampton Transit sa 905.874.2999.

### Mga Parke ng Brampton

Ang lahat ng libangang trail, playground, at parkeng Brampton, kabilang ang mga parke ng walang taling aso, ay mananatiling bukas sa Victoria Day. Mahalaga ang pisikal na aktibidad para sa kalusugan at kabutihan ng bawat isa! Bisitahin ang [www.brampton.ca/parks](http://www.brampton.ca/parks) para tuklasin ang ating mga parke at libangang trail.

### Brampton Recreation

Ang mga Brampton Recreation Centre ay magiging bukas ayon sa binagong oras ng operation sa Victoria Day. Ang mga oras ng holiday ay maaaring tingnan [dito](#). Ang mga splash pad sa buong lungsod ay nakaiskedyul na muling magbukas para sa season sa Sabado May 21, kung maganda ang panahon. Tingnan ang mga lokasyon ng splash pad, ang mga oras, at ang mga update sa estado ng pagpapatakbo [dito](#).

Bisitahin ang [www.brampton.ca/recreation](http://www.brampton.ca/recreation) para sa impormasyon sa mga sentrong libangan, available na mga programa, membership at marami pa.

### Brampton Library

Magsasara ang mga sangay ng Brampton Library sa Linggo, Mayo 22 at Lunes, Mayo 23 para sa Victoria Day.

Sumali sa amin online sa [www.bramptonlibrary.ca](http://www.bramptonlibrary.ca) para makahiram ng eBooks at audiobooks, mag-stream ng television at mga pelikula, mag-access sa malawak na hanay ng edukasyonal, creative, at propesyonal na digital learning platforms, at marami pa. Mag-register para sa birtwal, in-branch at drop-

in na mga programa para sa lahat ng edad at interes sa pamamagitan ng ating [kalendaryo ng mga event at mag-subscribe sa ating mga email update](#). Sundan kami sa [Facebook](#), [Twitter](#), [Instagram](#), at [LinkedIn](#), at tiyakin na i-download ang Brampton Library mobile app sa iOS at Google Play. Upang [maka-live chat sa aming staff o Magtanong, bisitahin ang aming website](#).

### **Mga Serbisyo sa Hayop ng Brampton**

Ang Brampton Animal Shelter ay sarado sa Victoria Day. Ang Animal Control ay nasa daan sa Lunes hanggang Biernes mula 7 am hanggang 10 pm at sa Sabado at Linggo at mga holiday mula 8 am hanggang 6:30 pm. Sa labas ng mga oras na ito, tutugon lamang ang Animal Control sa mga emergency:

### **Mga Paalala ng Peel Public Health para sa Weekend ng Victoria Day**

Habang patuloy na umiikot ang COVID-19 sa ating komunidad, mahalagang tandaan na ang mga hakbang ng public health ay nananatiling ang ating pinakamagandang depensa laban sa virus. Walang anumang bagay ang 100 porsyentong mabisa nang mag-isa lamang sa pagpil ng pagkalat ng COVID-19, ngunit ang paggawa sa mga hakbang ng public health ay nagbibigay ng pinakamabuting proteksyon. Kabilang sa mga layer ng proteksyon ang:

- Magpabakuna.
- Pananatili sa bahay kapag may-sakit.
- Madalas na paghuhugas ng mga kamay.
- Pagsasagawa ng wastong kaugalian ng respiratory sa pamamagitan ng pagtatakip sa pag-ubo at pagbahing.
- Gumamit ng de-kalidad na mask kung kailangan.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa kung paano at saan i-book ang iyong bakuna sa COVID-19 sa Peel, bisitahin ang [peelregion.ca/coronavirus/vaccine/](http://peelregion.ca/coronavirus/vaccine/). Alagaan ang bawat isa sa pamamagitan ng pagsunod sa mga patnubay ng lalawigan sa [Plano sa Ligtas na Muling Pagbubukas ng Ontario](#) nito.

-30-

#### **KONTAK NG MEDIA**

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton  
[multiculturalmedia@brampton.ca](mailto:multiculturalmedia@brampton.ca)